

1

“Can you just cut me some slack, Addy?” nakikiusap na sabi ni Randall Keith sa kaibigan.

“But it’s been four years!” tugon nito. “The least you could do to make your life bearable is to let it go.”

“I set her free. I let her go!” depensa niya sa sarili.

“You set her free, but not yourself,” kontra ni Addy.

“I’m trying, okay?” he said frustratedly.

“Keith, alam mo naman na hindi ko sasabihin ang mga bagay na ito para lamang saktan ka, di ba? More than anything else, I want you to be happy.”

“Kumain na lang tayo, Addy,” mahinang utos niya.

Narinig niya ang mahinang buntong-hininga nito, ngunit hindi na ito muling nagsalita. Hinayaan na lamang siya ng kaibigan na makapag-isip.

Hindi siya natural na tahimik. He used to be a fun-loving person, madalas nakangiti at madalas nakikipag-usap sa mga tao. Subalit nitong nakalipas na taon ay nagkaroon siya ng mood swing.

Nagsimula ang lahat ng iyon nang makipaghiwalay sa kanya

ang kanyang ex-girlfriend na si Jillian.

It happened four years ago. Akala niya ay nagawa na niyang mabuhay nang normal. Akala niya nakalimot na siya... hindi pa pala. Kahit anong takbo niya sa sitwasyon ay patuloy siyang hahabulin ng nakaraan.

Nasa airport sila ni Addy nang nagdaang araw at hinihintay ang flight departure nila dahil kailangan nilang lumipad patungo sa Venice, Italy para sumampa sa *The Aegean Isle* cruise ship na kanilang pinagtatrabahuhan.

Habang nagkukuwentuhan sila ng kababata ay may napansin siyang isang buntis na babae. It was none other than Jillian and she was clinging on a man's arm. Iyong lover, iyong other party, ang lalaking ipinalit nito sa kanya.

Nang makita niya iyon ay parang dinurog ang kanyang puso. All the pain came back. The old and healed wound suddenly reopened.

Siguro tama si Addy, he let Jillian go but not himself.

Alam niyang halos lahat ng tao ay nakakaranas ng pagkabigo sa pag-ibig. Lahat ay nasasaktan, pero karamihan ay madaling nakakapag-move on. Ano ba ang kaibahan niya sa lahat ng tao para dalhin niya ang sugat na iyon sa loob ng mahabang taon?

Siguro marami ring naging katulad ang kaso niya. Isang lalaking nagmahal ngunit niloko at sa bandang huli ay iniwan.

Pero kinailangan din ba ng mga ito na iwan ang tunay na buhay upang takasan ang sakit?

“Keith, tapos ka na?” untag ni Addy sa kanya. Tumingin ito sa relo. “Kailangan na nating bumalik sa hotel at kunin ang mga gamit natin dahil malapit nang mag-dock ang barko sa port.”

Pinupunasan ni Keith ng napkin ang gilid ng bibig nang may isang tinig na kumuha sa kanyang atensyon.

“Well, well, the world is indeed small, Randall Keith Fontamillas.”

Nagtaas siya ng paningin at halos napanganga siya nang makita kung sino ang may-ari ng tinig na iyon. Para siyang natuka ng ahas na nanlaki ang mga mata at hindi makakilos sa kinauupuan.

Pinaglalaruan ba siya ng pagkakataon? Hinahabol ba siya ng nakaraan? Hindi pa rin ba titigil ang bangungot niya?

“Nakakatuwa namang isipin na nasisiyahan kang makita ako.” Hindi maitago ang sarcasm sa likod ng birong iyon ng dalaga.

“Erixelle?” di-makapaniwalang sabi niya.

“Four long years, Keith. Ganoon katagal tayong hindi nagkita. Pero heto at pangalan ko lang ang kaya mong banggitin?”

Cabin Fever - Lorry Virgo

Nakangiti man si Erixelle nang sabihin iyon, hindi maikakaila ang tampo sa tinig nito. “Where is the love?”

Alam niyang may punto ito, dapat sana ay masaya siya sa pagbati rito. Dapat sana naging warm and welcoming siya dahil matagal na panahon ang lumipas nang hindi sila nagkikita ng dalaga. Pero ano ang magagawa niya, kung masyado siyang nabigla at wala siyang ibang masabi rito?

“Hi, Erixelle, medyo masama lang ang pakiramdam ni Keith kaya speechless siya,” singit ni Addy kahit hindi nito kilala si Erixelle. Ang akala siguro ng kaibigan ay nawalan siya ng manners dahil sa problemang dinadala kaya pinili nitong estimahin ang bagong dating. “I’m Addy, Keith’s friend. Would you like to, uh, join us?”

Napapikit siya nang mariin dahil sa paanyayang iyon ng kababata. Alam niyang gusto lang nitong makatulong sa kanya, pero bakit sa dinami-dami ng maaari nitong gawin ay ang yayain pa si Erixelle na sumalo sa mesa nila kung ang gusto niyang mangyari ay takbuhan ito.

“Oh sure, thanks,” masayang sabi ng babae, sabay naupo sa extra na silya.

Wala siyang ibang nagawa kundi ang panoorin si Erixelle. Pilit niyang kinalma ang sarili habang ipinagdadasal na sana ay lamunin na lang siya ng lupa.

“Randall Keith, ang tagal kong walang balita sa iyo. Dito

ka lang pala sa Venice matatagpuan,” anito nang muli siyang balingan.

“Small world, eh?” ang tangi at walang kakuwenta-kuwenta niyang reaksyon.

“Akala ko na-establish ko na kanina na maliit ang mundo. Akala ko magkukuwentuhan na tayo.”

Actually, iyon ang bagay na ikinakatakot niya—ang magkuwentuhan sila tungkol sa nakalipas na mga taon. Dahil natatakot siya sa mga maririnig mula rito.

Marami itong maaaring sabihin na makakasakit sa kanya, o makakadagdag sa magulong takbo ng isip niya. His head was already full of sad and painful thoughts... full of Jillian’s memory. Hindi na niya gustong madagdagan pa iyon sa pamamagitan ng mga ikukuwento ng dalaga.

All he needed at that moment was a break. A break from his sad past. Kaya nga siya lumayo, kaya siya nagbagong-buhay ay para matakasan ang bangungot na iyon.

“Uhm... gusto ko sanang makipagkuwentuhan, Erixelle, pero male-late kami sa trabaho,” bigla ay sabi ni Keith.

Call it cowardness on his part, pero mas maigi nang takasan niya ito kaysa mas lalong gumulo ang kanyang mundo.

Nilingon niya si Addy at sinenyasan itong tumayo. Tila hindi nagustuhan ng kaibigan niya ang kawalan niya ng manners, kaya

pinandilatan siya nito ng mga mata.

“Okay! I get the message, Keith,” ani Erixelle habang pinanonood silang magkaibigan na magpalitan ng masamang tingin. “Hindi mo na kailangang kasabwatin si Addy para takasan ako.”

Sinubukan niyang huwag ipahalata rito ang katotohanang iyon, ngunit malakas ang pakiramdam ng dalaga. Bumuntong-hininga ito.

“It was very nice to see you again, Keith,” sa kabila ng lahat ay may katapatan sa tinig nito nang sabihin iyon.

Na-guilty siya sa narinig. Pero hindi na niya maaaring bawiin ang naging desisyon niya. Tiningnan niya si Erixelle nang mataman pagkatapos ay binigyan ito ng isang ngiti na animo’y humihingi ng paumanhin.

“You take care, Erixelle, okay?” aniya.

Tumango ang dalaga bilang sagot.

Binalingan niya si Addy at niyaya ito. “Let’s go,” sabi niya kasabay ng pagtayo niya sa silya.

Hindi siya palagay na iwan doon si Erixelle, pero iyon lang ang alam niyang paraan para maisalba niya ang sarili sa hindi magandang sitwasyong iyon. At sana, kung mabibigyan siya ng pagkakataon sa ibang panahon ay makabawi siya sa ginawa niya rito.

“I’m sorry, Erixelle,” nahihiyang saad ni Addy. Nasa mukha nito ang matinding pagkapahiya dahil ito ang nag-imbata sa babae na sumalo sa mesa nila pagkatapos ay iiwan din lang. “Male-late talaga kami sa work.”

“It’s all good!” Erixelle said good-naturedly. “Ingat kayong dalawa.”

Inalalayan ng binata si Addy sa pagtayo. Bago sila umalis ay nag-iwan siya ng isang ngiti sa babaeng ngayon lamang niya muling nakita. He hated himself at that moment. It was so ungentleman of him to leave Erixelle there all alone.

Pinanood ni Erixelle ang magkaibigan na papalabas ng café. Hindi niya masisi kung ganoon man ang naging reaksyon ni Keith sa kanilang pagkikita. Pero nanghihinayang siya na hindi sila nakapagkuwentuhan pagkatapos ng maraming taon na hindi sila nagkita.

Napabuntong-hininga na lamang siya.

Mula sa *Kate Spade* niyang bag ay inilabas niya ang *BlackBerry*. Pinindot niya ang speed dial upang may mapagkuwentuhan siya sa nangyari.

Nang marinig ang pagsagot ng tawag niya mula sa kabilang linya ay awtomatiko ang kanyang naging pagbati. “Guess who I bumped into.”

Isang malakas na halakhak ang bumati sa kanya, “Limang araw, Xelle. Limang araw lang ang kaya mong ibigay sa akin para sa transition period?” May amusement sa tinig ni Clint nang itanong iyon. “You broke up with me five days ago, pero kung makatawag ka’y parang walang nangyari. Where is your heart, little girl?”

“Five days seemed like years ago,” she confessed. “Ikaw pa rin ang number one sa speed dial ko. At saka hindi naman natin kailangang i-overdramatize ang break-up natin. We’re so beyond that.”

“We were together for years,” he pointed out.

“Like those years were full of romance,” she lightly argued. “Clint, pareho nating alam na hindi talaga tayo dapat nasa isang romantic relationship. We know each other too well. Plus, sa mahabang panahon na naging tayo, mabibilang ko lang sa mga daliri ko ang romantic moments natin. I am your best friend and you are mine.”

Muli ay isang halakhak ang nanggaling sa kausap. Halakhak na tila sumasang-ayon sa mga sinabi niya.

Sa limang taon na relasyon nila ni Clint, tatlong taon doon ang magkalayo sila. Singapore-based ang trabaho nito samantalang siya ay sa Manila.

Halos araw-araw silang nag-uusap, via *Skype*, text or phone call. Dinedetalye nila sa isa’t isa ang mga bagay na nangyari sa

pang-araw-araw nilang buhay. They could talk about everything, almost everything na nasa boundary na ng usapang magbarkada.

“So, sino ang nakita mo d’yan sa Venice?” tanong ni Clint. “Obviously, hindi ako dahil hindi mo ako pinasama sa tour na ako mismo ang nagplano.”

Napakagat-labi siya. Totoong si Clint ang nagplano sa bakasyon nilang iyon dahil nanalo ito ng Mediterranean cruise tour na pa-raffle ng kompanya nito para sa tenth year anniversary. Ang isa sa major prizes ay ang cruise tour na napanalunan nito.

Alam niyang magandang pagkakataon ang pagkapanalo nito ng mga tickets para sa isang romantic getaway upang masubukan nila na i-rekindle ang romance sa pagitan nila. But she knew in her heart of hearts na lalo lang silang mahihirapan.

Pagkabalik nito sa Pilipinas ay nag-usap sila nang masinsinan. Sinabi niya ang lahat ng nararamdaman niya. Ang tunay na score sa relasyon nila. That somewhere along the way, they’ve lost the romance. Hanggang sa umabot na nga sila sa paghihiwalay.

Tinanggap ng lalaki ang naging desisyon niya. And to her surprise, ibinigay nito ang cruise tour ticket sa kanya. He forfeited his own. Kasabay ng paglipad niya sa Venice kung saan ang embarkation port ng *The Aegean Isle* cruise ship ay ang paglipad nito pabalik sa Singapore para balikan ang trabaho.

“Xelle?” untag nito. “Sino ang nakita mo d’yan?”

“Si Randall Keith,” sagot niya.

“Oh! That Randall Keith,” anito nang matandaan kung sino ang sinasabi niya. “Iyong ex-boyfriend ng pinsan mo? Na dalawang beses mong hinalikan?”

Napangiti siya dahil sa pang-aasar sa tinig nito. “It wasn’t as if I kissed him because I was cheating on you, sinabi ko agad sa iyo iyon. I was just simply...” Itinigil niya ang pagpapaliwanag para isipin ang tamang salita.

“Curious?” hula nito.

“Right, I was curious,” she agreed. “At ikaw ang nagsabi sa akin na ang curiosity ay dapat ninu-nurture.”

“Yeah,” anito. “At pinagsisihan ko na binigyan kita ng ganoong advice.”

“And the second kiss was out of pity.”

“Na pinag-awayan din natin.”

“Look Clint, those were things of the past. Noong boyfriend pa kita.”

“Merely six days ago?”

“Come on! Three years ago ay wala nang romance sa pagitan natin,” paalala niya.

Tumawa si Clint. “So, what’s the point of this call?”

Cabin Fever - Lorry Virgo

“Gusto lang kitang makausap at makakuwentuhan. Alam mo namang hindi ako sanay na hindi sinasabi sa iyo ang lahat.”